# IKAWALONG LINGGO

## Panlingguhang Layunin

### Pag-unawa sa Napakinggan

Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan.
F5-PN-Ngh-24

### Gramatika

Nagagamit ang iba'tibang uri ng pangungusap sa pagsali sa isang usapan.
F5WG-Nfhij-13.6

### Pag-unlad ng talasalitaan

Nabibigyang-kahulugan ang matalinghagang salita.
F5PT-IVeh-4.4

### Pag-unawa sa Binasa

Nasasabi ang sanhi at bunga ng mga pangyayari.
F5PB-IIh-6.1

### Estratehiya sa Pag-aaral

Nagagamit ang iba't ibang pahayagan sa pangangailangan.
F5EP-IVf-h-7.1

### Pagsulat

Nakasusulat ng iba't ibang bahagi ng pahayagan.

## 1 Unang Araw

### I. Layunin

Nakapagbibigay ng lagom o buod ng tekstong napakinggan.

### II. Paksang-Aralin

Pagbibigay ng Lagom o Buod ng Tekstong Napakinggan.

**Sanggunian:** F5PN-IVgh-23, Filipino: Yaman ng Lahing Kayumanggi 5, ph. 411-413, 424
Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5, Pagbasa ph. 146-150

**Kagamitan:** tsart, activity cards, cassette / CD player

### III. Pamamaraan

1. **Pagsasanay**

   Pagsasakilos ng napakinggang awit.

2. **Balik-aral (Gamitin ang tsart)**

   Pagsusunud-sunod ng mga Pangyayari sa Kwentong Napakinggan. Pakinggan ang kwentong babasahin ng guro at gawin ang pagsasanay na sumusunod.

   Babasahin ng guro ang kwentong “Naging Sultan si Pilandok” mula sa aklat na Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5, Pagbasa ph. 146-148.

**Panuto:**

Ayusin ang sumusunod na mga pangungusap ayon sa wastong pagkakasunud-sunod ng mga pangyayari. Lagyan ng bilang 1-8 ang bawat patlang.

____ Nahatulan si Pilandok na ikulong at itapon sa gitna ng dagat dahil sa isang pagkakasala.

____ Ang sultan ay nanggilalas nang Makita si Pilandok sa kanyang harapan.

____ Nagpaliwanag si Pilandok sa hari na may kaharian sa ilalim ng dagat kung kaya siya bumalik na buhay.

____ Umakmang aalis si Pilandok upang magbalik na muli sa kaharian sa ilalim ng dagat.

____ Namatay ang sultan.

____ Pinigil ng sultan si Pilandok.

____ Naging sultan si Pilandok.

____ Nagtungo ang sultan at si Pilandok sa may tabing-dagat.

**3. Mga Gawain**

**A. Pagganyak**

Sino sa inyo ang mahilig magbasa ng mga kwentong-bayan?

**B. Paglalahad**

Iparinig muli ang kwentong "Naging Sultan Si Pilandok"

**C. Pagtatalakay**

1. Ano ang dahilan ng panggigilalas ng sultan isang araw?
2. Paano nakaligtas si Pilandok sa tiyak na kamatayan?
3. Naniwala baa ng sultan sa pahayag ni Pilandok? Bakit?

(Sundan sa bahaging "Sagutin Natin" sa ph. 150 ng Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5, Pagbasa)

**D. Pagpapayamang Gawain**

Mag-usap kayo ng mga kagrupo mo. Igawa ng buod o lagom ang kwentong "Naging Sultan Si Pilandok" at iulat ito sa hanap ng klase.

**E. Paglalahat**

Ano ang lagom o buod?

Anu-ano ang mga dapat tandaan sa pagbubuod ng tekstong narinig?

Ang buod o lagom ng teksto/kwentong narinig ay ang kabuuang nilalaman sa pagbubuod ng tekstong narinig, mapaiikli sa dalawa, tatlo o ilang pangungusap lamang ang isang buong talata.

**F. Paglalapat**

Makinig sa kwentong babasahin ng guro at ibigay ang buod nito.

"Natapos Din"

**IV. Pagtataya**

Pakinggan ang talatang babasahin ng guro at ibigay ang buod nito.

“Proyektong Pangkapaligiran, Inilunsad”
(nasa ph. 424 ng Filipino Yaman ng Lahing Kayumanggi 5)

**V. Takdang-Aralin**

Makinig ng balita sa radyo o telebisyon at igawa ito ng buod.

**Ikalawang Araw**

**I. Layunin**

Nagagamit ang iba’t ibang uri ng pangungusap sa pagsali sa isang usapan.

**II. Paksang-Aralin**

Paggamit ng Iba’t Ibang Uri ng Pangungusap sa Pagsali ng Isang Usapan.

**Sanggunian:** F5WG-IVfhif-13.6
Hiyas sa Wika 5, ph. 15-20
Pagdiriwang ng Wikang Filipino 5, Wika ph. 29-31

**Kagamitan:** larawan, tsart, activity cards

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**

Basahin nang wasto ang mga pangungusap sa sumusunod.

Itinataas ang watawat sa tagdan.

Nakita ko kung paano siya nadapa.

Nadapa ang bata!

Ano baa ng nangyari sa iyo?

Lagyan mo ng gamot ang sugat niya.

2. **Balik-aral**

Anu-ano ang nararapat nating gawin kung tayo ay sumasali sa isang usapan o dayalogo?

Paano mo maipapakita ang pagiging magalang sa pakikipag-usap?

3. **Mga Gawain**

   A. **Pagganyak**

      Pagpapakita ng larawan ng dalawang batang nag-uusap.
      (Pag-uusap ng larawan)

   B. **Paglalahad**

      Pagbasa sa isang usapan.

**"Ay! Swerte!"**

Josefino: Inay, maaari po ba akong magpunta sa lumang basketball court?

Inay: Sige, anak, kaya lamang, huwaag mong pabayaang matuyo ang pawis mo, hane. Pakidaan mo na rin itong ginatan kay Mareng Sela.

Josefino: Opo. (May pasipul-sipol pang naglakad si Josefino dala ang bola at mangkok ng ginatan.) Uy! Singkwenta pesos! Kanino kaya ito? Kay Inay? Ah, di na bale. Akin na ito! Napulot ko ito. Tiyak, marami akong mabibili nito. Ibibili ko si Titser Tess ang bulaklak at tsokolate. Bibigyang ko sina Carlo, Oscar, May at Grace ng sandwich. A, ewan! Inay! Inay! Nawalan po ba kayo ng pera? Singkwenta pesos, o! Napulot ko sa tabi ng pinto.

Inay: Naku, salamat, Josefino! Kanina ko nga iyan hinahanap. Maraming salamat. (Hahalikan si Josefino.)

   C. **Pagtatalakay**

      1. Pagtatalakay tungkol sa usapan.

         Sagutin Natin ph.30

      2. Pagtatalakay tungkol sa paggamit ng iba't ibang uri ng pangungusap batay sa usapan/dayalogo.

         Alin ang pangungusap na nag-uutos?

         Nagpapahayag ng matinding damdamin?

         Ang nagsasalaysay?

         Sa anong bantas nagtapos ang bawat pangungusap?

**D. Pagpapayamang Gawain**

Basahin ang bawat sitwasyon. Anong sasabihin mo sa iyong katabi? Ano naman ang kanyang isasagot?

(Hiyas sa Wika 5, ph. 17, Sabihin)

**E. Paglalahat**

Ano ang iba't ibang uri ng pangungusap ayon sa gamit?

**F. Paglalapat**

Isulat A (Hiyas sa Wika, ph. 19)

**IV. Pagtataya**

Isulat C (Hiyas sa Wika, ph. 20)

**V. Takdang-Aralin**

Gumawa ng usapan batay sa sumusunod na kalagayan. Gamitin ang iba't ibang uri ng pangungusap.

* Nais mong pumunta sa kaarawan ng iyong kaibigan.

3 **Ikatlong Araw**

**I. Layunin**

Nabibigyang-kahulugan ang matalinhagang salita.

**II. Paksang-Aralin**

Pagbibigay-kahulugan sa Matalinhagang Salita

**Sanggunian:** F5PT-IVeh-4.4, MISOSA Blg. 10, Filipino Yaman ng Lahing Kayumanggi 5, ph. 321-322

**Kagamitan:** tsart, activity cards.

### III. Pamamaraan

#### 1. Pagsasanay

Punan ng nawawalang titik ang mga kahon upang mabuo ang kasing kahulugan ng mga salitang may salungguhit sa parirala.

a. masustansyang agahan

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| | L | M | | S | | |

b. tunghayan ang pangyayari

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| T | | N | | N | | |

c. maghapong nilakbay ang pook

| | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|
| N | | L | | K | | |

d. nawala ang pangamba

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| T | | K | | T |

e. pagtila ng ulan

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| P | | | H | | | T | |

#### 2. Balik-Aral

Paano binibigyan ng kahulugan o kasingkahulugan ang mga salitang ginamit sa pangungusap?

#### 3. Mga Gawain

##### A. Pagganyak

May kilala ba kayong tao na hindi nakatapos ng pag-aaral dahil sa katamaran o kawalang interes na mag-aral? Ano ang katayuan niya ngayon sa buhay?

Ngayon babasahin natin anng kwento na mapupulutan mo ng magandang aral upang maging higit kayong magsipag sap ag-aaral.

Matutunan mo rin sa araling ito ang pagbibigay-kahulugan sa salitang matalinhaga.

**B. Paglalahad**

Pagbasa sa kwentong “Litong-Lito si Ben” (nasa MISOSA Blg. 10, ph. 2-3)

**C. Pagtatalakay**

1. Sino ang batang di mahilig mag-aral sa kwento?
2. Ano ang sinabi ng kanyang guro dahil palagi siyang walang takdang-aralin?
3. Ano ang pagkakaunawa ni Ben sa sinabi ng guro?
4. Sino ang nagpaliwanag kay Ben sa nais ipahiwatig ng guro?
5. Bakit dapat siyang mag-aral na mabuti?
6. Ano ang dapat gawin ni Ben upang hindi siya makakuha ng kalabasa sa Marso? Anong uri ng salita ng <u>makakakuha ng kalabasa</u>?

Basahin ang mga pangungusap na hinango sa kwento. Pansinin mo ang mga salitang may salungguhit.

1. Tiyak na <u>makakakuha ng kalabasa</u> si Ben pagdating ng Marso.
2. Kailangang <u>magsunog ka ng kilay</u> anak, upang makapasa ka sa Marso.
3. Sabi po ng guro <u>itlog</u> naman ang ibibigay ko ngayon.

Ano ang tawag sa mga ito? Matalinhagang salita, di ba? Ito ay mga salitang tago ang kahulugan at kadalasan ang mga salitang ito ay nakakadagdag sa lalong ikalilinaw ng diwang nais ipahayag.

**D. Pagpapayamang-Gawain**

**Panuto:**

Basahin ang mga pangungusap at bigyan ng pansin ang mga talinhagang may salungguhit. Piliin ang kahulugan nito sa lipon ng mga salitang nasa ibaba ng bawat bilang.

1. Para akong <u>natutunaw na kandila</u> noong kinagagalitan ako ni Bb. Reyes.

   a. sumasama ang katawan
   b. hiyang-hiya

c. naiinitan

2. Tila siya patabaing baboy sa kanilang bahay.

   a. mahilig sa matatabang pagkain
   b. marumi ang katawan
   c. kain lang nang kain nang walang ginagawa

3. Mistulang pugon ang lugar na pinagdausan ng palatuntunan kaya't kami ay hindi nagtagal.

   a. mainit
   b. masikip
   c. madilim

4. Talak siya ng talak na parang inahin mula umaga hanggang gabi.

   a. daing nang daing
   b. tawa nang tawa
   c. daldal nang daldal

5. Tigre si Ginoong Cruz sa kaniyang mga kasamahan.

   a. mabagsik
   b. mapaghatol
   c. matapat

6. Kasintaas ng poste ang panganay niyang anak.

   a. matangkad na matangkad
   b. matalino
   c. nangangayayat

7. Parang kiti-kiti ang batang ito.

   a. mapag-usisa
   b. malakas kumain
   c. malikot at di mapirmi

8. Di-maliparang uwak ang bulwagan nang dumating ang sikat na artista.

   a. kakaunti ang tao
   b. punung-puno
   c. maraming ibon

## E. Paglalahat

Ano ang tinatawag na "matalinhagang" salita?

Ang matalinhagang salita ay mga salitang may malalim na kahulugan. Ito ay kadalasang binubuo ng tamabalang salita na ang kahulugan ay naiiba sa kahulugan ng dalawang salitang pinagtambal.

F. **Paglalapat** (Gamitin ang activity cards)

Bigyan mo ng kahulugan ang mga sumusunod na salitang matalinhaga. Hanapin ang kahulugan nito sa Hanay B.

Isulat ang sagot sa loob ng balulang na nasa ibaba.

| Hanay A | Hanay B |
|---|---|
| 1. Pagsusunog ng kilay | a. masama ang ugali |
| 2. Nadilang anghel | b. masakit ang damdamin |
| 3. Walang itulak-kabigin | c. nagkatotoo ang sinabi |
| 4. Pasang krus | d. mayabang |
| 5. Tupang itim | e. pag-aaral nang mabuti |
| | f. di-alam ang pipiliin |



Ganito ba ang sagot mo?

1. e
2. c
3. f
4. b
5. a

## IV. Pagtataya

**Panuto:**

Piliin mo ang titik ng matalinhagang salita na tugma sa isinasaad ng pangungusap. Isulat ang titik ng sagot sa sagutang papel.

a. naniningalang pugad
b. halik-hudas
c. kakaning-itik
d. taingang kawali
e. isang kahig, isang tuka
f. bantay-salakay

1. Binata na si Eric. Palagi siya sa kapitbahay na si Thelma. Si Thelma ay dalaga. Si Eric ay _______________ na.

2. Tawag nang tawag ang ina ay Romy. Naririnig ni Romy ang tawag ngunit hindi siya sumasagot. Patuloy siya sa ginagawa at parang walang naririnig. Siya ay may _____________.

3. Gabi-gabi si Aling Lindi ay nawawalan ng paninda. Nagtataka siya kung bakit nagkagayon, samantala may pinagbabantay naman siya. Naghihinala tuloy siya na pinagbabantay niya ay isang __________________.

4. Matipid si Ana. Hindi siya palabili. Hindi siya namimili ng mamahaling bagay. Ang kita nila ay halos hindi sumasagot sa kanilang gastos. Sila ay ______________________.

5. Sa lahat ng bata sa aming looban, kaawa-awa itong si Ramon. Kayang-kaya siyang paiyakin ng kapwa at siya ay laging tampuhan ng panunudyo. Siya ay _________________ sa aming pook.

Kung ganito ang iyong sagot, tama ka! Magaling!

1. a
2. d
3. f
4. e
5. c

## IV. Takdang-Aralin

May mga matalinhagang salita sa loob ng kahon sa ibaba. Pumili ka ng 4 at gamitiin mo ito sa sarili mong pangungusap.

| | |
|---|---|
| agaw-buhay | malamig ang kamay |
| bukas-palad | utak-lamok |

magaan ang loob                basing-sisiw

## Ikaapat na Araw

**I. Layunin**

Nasasabi nag sanhi at bunga ng mga pangyayari.

**II. Paksang-Aralin**

Pagsasabi ng Sanhi at Bunga ng mga Pangyayari.

**Sanggunian:** F5PB-IIh-6.1
Filipino Yamang ng Lahing Kayumanggi 5, ph. 133
MISOSA Blg. 11

**Kagamitan:** tsart, meta cards, activity cards, larawan

**III. Pamamaraan**

1. **Pagsasanay**

   Pagbabaybay sa mga salitang di-pamilyar na matatagpuann sa kwentong babasahin.

   a. ihambalos
   b. yamot
   c. musmos
   d. patikimin
   e. masusupil

2. **Balik-Aral**

   Pagbibigay ng Sariling Kwento na may Ilang Bahagi na Naiiba sa Kwento

3. **Mga Gawain**

   **A. Pagganyak**

   Pagpapakita ng larawan ng pamilya.

Ano ang masasabi ninyo sa larawang ito. Sa palagay n'yo ba ay nagmamahalan at may pagkakaisa ang pamilyang ito?

Sa sarili ninyong pamilya, paano ninyo naipamamalas ang pagmamahalan at pagkakaisa?

**B. Paglalahad**

1. Pag-uusapan ang talasalitaan.
2. Pagbasa sa kwentong "Ang Walis ng Tingting"
   (Nasa pahina 133-134 ng aklat na Filipino Yaman ng Lahing Kayumanggi 5)

**C. Pagtatalakay**

1. Tungkol saan ang kwentong inyong binasa?
2. Ano ang suliranin ng mag-asawang Mang Luis at Aling Perla?
3. Paano nagkasundo ang mga magkakapatid? Ipaliwanag mo.
4. Ano ang aral na natutunan natin?
5. Dapat bang magkaisa ang magkakapatid? Bakit?

**D. Pagpapayamang Gawain**

**Panuto:**

A. Ibigay ang sanhi ng sumusunod na pangyayari.

1. Kinuha ni Mang Luis ang walis tingting at balak hambalusin ang magkakapatid.
2. Nalulungkot lagi si Mang Luis ________________________________________.

B. Ibigay ang bunga ng mga sumusunod na pangyayari.

3. Ipinabali ni Aling Perla ang walis tingting ___________________________________.
4. Nagsundu-sundo ang magkakapatid.

**E. Paglalahat**

Ano ang tinatawag na "sanhi" ng isang pangyayari?

Ano naman ang tinatawag na "bunga" ng isang pangyayari?

Tinatawag na sanhi kung ito ay nagsasabi ng dahilan ng pangyayari. Karaniwan itong sumasagot sa tanong na bakit.

Tinatawag naming bunga ng pangyayari kung ito ay nagsasabi ng kinalabasan o resulta ng pangyayari.

**F. Paglalapat**

Bawat sanhi sa Hanay A ay may katambal na bunga sa Hanay B. Pagtambalin ito at isulat sa patlang ang titik ng sagot.

| **Hanay A** | **Hanay B** |
|---|---|
| ___ 1. Pagtatapon ng basura sa ilog | ___ a. tumataas ang presyo ng bilihin |
| ___ 2. Pagtataas ng halaga ng gasoline | ___ b. bumabaha sa kapaligiran |
| ___ 3. Paggamit ng pataba | ___ c. nagpapabagal ng daloy ng tubig |
| ___ 4. Pananalanta ng bagyo | ___ d. umaani nang masagana ang magsasaka |
| ___ 5. Pagpuputol ng mga puno sa kabundukan | ___ e. nasisira ang mga ari-arian |

(Nasa ph. 136, Filipino Yaman ng Lahing Kayumanggi 5)

**IV. Pagtataya**

Suriin ang bawat pares ng pangungusap at tukuyin kung aling pangungusap ang sanhi at kung alin ang bunga.

Isulat ito sa sagutang papel.

1. Si Mang Cenong ang paksa ng usapan halos araw-araw. Maraming ang tulong na nagawa niya sa mga tao.

   Sanhi: ______________________________
   Bunga: ______________________________

2. Para na ring pensyonado si Mang Cenong. Kumikita na lahat ang kanya mga anak.

   Sanhi: ______________________________
   Bunga: ______________________________

3. Ang poso at tulay ay naipatayo. Humingi ng tulong si Mang Cenong sa pamahalaan.

   Sanhi: ______________________________
   Bunga: ______________________________

4. Hindi madaanan ang tulay. Malaking torso at layak ang nakaharang dito.

   Sanhi: ______________________________

Bunga: ____________________________________________

5. Inutusan ng matanda ang bunsong anak na manguna sa paglusong sa ilog. Tumulong na rin ang lahat ng tao.

Sanhi: ____________________________________________
Bunga: ____________________________________________

## V. Takdang-Aralin

Sumulat ng pangungusap na nagsasaad ng sanhi at bunga ng pagkakaroon ng polusyon sa tubig.




## Ikalimang Araw

## I. Layunin

1. Nagagamit ang iba't ibang pahayagan ayon sa pangangailangan.
2. Nakasusulat ng iba't ibang bahagi ng pahayagan.

## II. Paksang-Aralin

1. Paggamit ng Iba't Ibang Pahayagan Ayon sa Pangangailangan.
2. Pagsulat ng Iba't Ibang Pahayagan

**Sanggunian:** F5EP-IVf-h-7.1 Landas sa Wika 6, ph. 236-237
F5PU-IV-e-h-2.11

**Kagamitan:** Halimbawa ng iba't ibang pahayagan, tsart

## III. Pamamaraan

### 1. Pagsasanay

Hanapin sa puzzle ang pangalan ng iba't ibang babasahin at sanggunian na maaari mong magamit sa iyong pag-aaral.


| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| Q | M | A | G | A | S | I | N | U | P | T | Z |
| G | N | T | A | B | L | O | I | D | X | K | L |
| A | K | L | A | T | R | T | O | Z | Y | R | E |

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | P | A | H | A | Y | A | G | A | N | Q | W |
| E | N | C | Y | C | L | O | P | E | D | I | A |
| V | D | I | C | T | I | O | N | A | R | Y | T |

**2. Balik-Aral**

Anu-ano ang mga bahagi ng pahayagan?

Isulat ang sagot sa organizer na ito.




**3. Mga Gawain**

**A. Pagganyak**

Kayo ba ay nagbabasa ng mga pahagan. Anong pahayagan ang nababasa ninyo? (Ipakita ang halimbawa ng iba't ibang uri ng pahayagan.)

**B. Paglalahad**

Pagbasa sa talata tungkol sa iba't ibang uri ng pahayagan at mga dapat tandaan sa pagsulat ng balita.

**C. Pagtatalakay**

Anu-ano ang iba't ibang uri ng pahayagan?

Ano ang tabloid? broadsheet? magazines?

Magbigay ng halimbawa sa bawat uri ng pahayagan?

Anu-ano ang nilalaman ng tabloid? broadsheet? magazines?


Paano isinusulat ang mga balita? Anu-ano ang mahahalagang sangkap o bahagi nito?


**D. Pagpapayamang Gawain**

A. Anong uri ng pahayagan ang tinutukoy ng mga sumusunod:

1. Gusto mong malaman ang mga kahindik-hindik na kwento ng mga krimen, astrolohiya, tsismis at telebisyon. Anong uri ng pahayagan ang babasahin mo?
2. Ibig mong magbasa ng pahayagan na ginagamitan ng tradisyonal na pamamaraan sa pagbabalita at binibigyang-diin ang mga malalalim na sakop at mahinahon ang pagtatalakay sa mga artikulo at mga editorials.
3. Nais mong magkaroon ng kaalaman tungkol sa mga gawaing pantahan tulad ng "Good Housekeeping", "Cooking" at iba pa. Anong uri ng pahayagan ng gagamitin mo?

B. Isulat sa kahon ang mga uri ng pahayagan na hinihingi sa tsart.






**E. Paglalahat**

Ano ang iba't ibang uri ng pahayagan?

F. **Paglalapat** (Pangkatang Gawain)

Matapos talakayin ang iba't ibang uri ng pahayagan at ang mga hakbang sa pagsulat nito, marahil ay may kakayahan ka ng sumulat ng iba't ibang bahagi ng pahayagan. Gawin mo ito at patunayan mong kaya mo.

**Pangkat I**

Sumulat ng isang balita tungkol sa proyektong ng inyong barangay sa maayos na pagtatapon ng basura.


**Pangkat II**

Sumulat ng isa ng editorial na ipinahahayag ang iyong sariling palagay o kuru-kuro tungkol sa isyung pagkalulong ng mga kabataan sa droga.

**Pangkat III**

Sumulat ng editorial tungkol sa isyung "Ang Isports Bilang Libangan ng mga Kabataan"

**IV. Pagtataya**



Ibigay ang iba’t ibang uri ng pahayagan at sabihin kung saan at paano mo ito gagamitin.

**V. Takdang-Aralin**

Magdala ng iba’t ibang uri ng pahayagan. Alamin kung anu-ano ang nilalaman ng bawat bahagi nito.